

1

Nanunulis ang ngusong naglakad si Cara palapit sa cute na dalagitang nalingunan niyang siya palang eskandalosang tumatawag sa pangalan niya. *At Caroline pa talaga!* Kabababa pa lang niya ng bus sa bukana ng San Diego beach strip kasabay ang ilan pang marahil ay bakasyonista rin. San Diego is a beautiful coastal town in Ilocos Norte and it was her first time there. Nakatakda siyang tumuloy sa resthouse ng college friend na si Yani.

“OA ka naman, Didi. Kilala na tuloy ako ng lahat ng bagong dating,” wika niya sa dalagitang sumundo sa kanya, na anak ng caretaker ng resthouse. “Cara’ na lang, okay?”

Kaagad na kinuha ni Didi ang kanyang pink gym bag. “Excited lang, Ate Cara,” ngiti nito. Isinenyas na nito na maglalakad na sila.

“Puwede bang lakarin ang resthouse mula dito?” tanong niya habang papalapit sila sa pataas na daan. May malaking arch na bato sa bandang kaliwa, na tila side entrance sa kung ano, at sa kanan ay isang tila food court at palengke. May nakasabit na tarpaulin sa itaas nito, *Seaside Grill*. She suddenly felt hungry.

“Isang kilometro pa papunta sa bahay. Sayang ang skin mo kung maglalakad tayo. Sasakay tayo ng tricycle. May terminal paglampas natin ng *Seaside Grill*,” sagot nito na kumanaan papasok sa naturang food court cum palengke.

“Okay ito, ha,” komento ni Cara nang maayos na mapagmasdan ang kabuuan ng lugar na pinasok nila. May palengke sa isang bahagi at may mga hilera ng kusina sa isang banda kung saan puwedeng magpaluto ng pagkain. Al fresco ang dining area na binubuo ng mga mesang yari sa kawayan na may mga tila payong na bubungan.

Lumapit ang kasama niya sa isang mesa at ibinaba roon ang gym bag. “Dito ka muna, Ate. May kukunin lang akong order sa palengke. Nagpa-reserve kasi ako ng pusit at talaba kasi s’abi ni Ate Yani, favorite mo daw iyon.”

“Uy, sige. Go ahead. Okay lang ako dito,” nakangiting sabi niya.

“Okay, saglit lang. Ikukuha din kita ng buko juice para may mainom ka. Ise-serve na lang iyon sa iyo.” Iyon lamang at patakbang tinungo na ni Didi ang palengke side ng *Seaside Grill*.

Ibinaba ni Cara ang dark glasses na sa laki ay

halos takpan na ang buo niyang mukha. Tumingin siya sa paligid. First time niyang makarating sa naturang lugar. And she's loving what she's seeing so far. Kahit na pasado alas onse na ng umaga ay hindi naman mainit. Bagkus ay malamig pa nga ang hangin. Complementing the warm sunshine touching her skin.

Mula sa puwesto niya ay tanaw ang bulubunduking parte ng San Diego na may biking and hiking trail, na tila karugtong ang dagat sa di-kalayuan. She could already smell the sea, could feel the sand on her feet.

The place was a perfect getaway. Hindi masyadong matao. Tahimik at napakaganda ng lugar. Plano niyang matulog, kumain, magbasa at magliwaliw lamang sa San Diego nang mag-isa sa loob ng dalawang linggo niyang ipamamalagi roon.

Simula kasi nang magkaroon siya ng sariling coffee shop business, maging food columnist sa isang monthly magazine at head chef ng gaming bar na pag-aari ng mga kaibigan, ay mahigit limang taon na siyang hindi nakakapagbakasyon nang matagal.

Having a business, however small, and being one of the people running and maintaining a popular hang-out was very demanding. Enjoy siya sa trabaho at napapaligiran siya ng mabubuting tao, ngunit

hinahanap talaga ng katawan niya ang pahinga.

Isa pa ay madalas na rin siyang nagkakasakit lately at naapektuhan ang kanyang trabaho, kaya nang mag-file siya ng vacation leave ay kaagad siyang pinayagan ng kanyang mga kasosyo. One month pa nga ang isina-suggest ng mga ito, ngunit sa tingin niya ay ayos na ang dalawang linggo upang ma-recharge siya.

Ang unang plano niya ay magtungo sa Palawan o Bohol, ngunit nang minsang magkita sila ng kabarkada niya noong college na si Yani, kaagad nitong ibinoluntaryo ang resthouse na pag-aari ng pamilya nito nang mabanggit niya ang planong pagbabakasyon. It was a huge blessing and a great offer, na mabilis niyang tinanggap. Hindi rin kasi siya sigurado kung gugustuhin niyang gumastos nang todo para sa kanyang pagbabakasyon.

At heto siya ngayon, hinihintay si Didi, na anak ng katiwala ni Yani sa resthouse. Mayamaya ay may lumapit na isang binatilyo sa mesa niya. May dala itong malaking baso na inilapag nito sa mesa.

“Buko juice po, Ate,” wika nito sa kanya.

“Salamat.” Kinuha niya ang baso at nagsimulang sumipsip sa straw.

“Upo ka muna, Ate. Libre ang upuan dito,” anang binatilyo bago siya iniwan nito. Naiiling na sinundan lang niya ito ng tingin.

Uupo sana siya kung hindi lang dahil matrabahong iayos ang pagkakasabit ng backpack sa mga balikat niya. Medyo mabigat kasi iyon dahil bukod sa mga damit ay may laman iyong laptop. Pinili niyang tumayo na lang. Anyway, having to balance her heavy backpack without wobbling is good exercise. Maganda iyon sa kanyang posture.

Muli siyang sumipsip sa straw. Malamig ang buko juice at fresh na fresh. Kaagad niyang naubos iyon.

“Hi, Caroline,” mayamaya ay bati ng kung sino sa tabi niya. It was a deep, sexy male voice. Papansinin na sana niya ito kung hindi lang niya kaagad na-realize na alam nito ang kanyang pangalan.

So it's obviously someone who was at the terminal earlier noong walang pakialam na ini-announce ni Didi ang pangalan niya. Sa mga nakakakilala sa dalaga, walang tumatawag ng ‘Caroline’ sa kanya. Cara kasi ang nickname niya. And her full name was Caroline Anne.

Kaya hindi na lang niya pinansin ang bumati. Sa halip ay ibinaba niya ang baso sa mesa bago kinuha

ang cellphone sa pouch na naka-attach sa strap ng backpack. Nagsimula siyang mag-type ng message para kay Yani.

Hi Yani! Just got here sa San Diego strip. Ang ganda!

“Aren’t we supposed to rid ourselves of any connection from the city? Come on, we’re eleven hours away from Manila. Kaya nga break ang tawag dito, di ba? Getaway. Get away from everything...” the voice once more said.

Get away from everything...

Aw, shit! Ano bang nai-type ko? Kaagad na binura niya ang nai-type then pressed ‘send’. Sino ba itong pakialamerong ito?

Pero kung papansinin naman niya ang kung sinumang inpektong nagpapapansin sa kanya ay baka ma-encourage pa. Wala siyang planong makipagkilala sa kahit sino. She came here for rest. And that’s it.

Kaya itinuon na lamang niya ang pansin sa paghihintay na mag-appear sa screen ang notice na matagumpay na nai-send ang message niya.

Ngunit kakasulpot pa lamang ng ‘message sent’ ay bigla namang may kumuha ng cellphone sa mga

kamay niya. *What the...!*

Handa na sana siyang bumuwelo upang habulin at bugbugin ang animal na kumuha ng aparato niya, ngunit hindi naman ito tuluyang umalis sa kanyang tabi. The stranger, na obviously ay ang pakialamerong nag-a-attempt umistorbo sa pag-iisa niya, just took a couple steps away, bago itinaas nito ang cellphone, itinapat sa mukha nito, nag-pose at nagsimulang magpipindot. He was taking pictures of himself!

Cara couldn't believe what she was seeing. "What the hell are you doing?"

Hindi siya pinansin ng lalaki. He just continued posing there, grinning and making faces at the camera phone.

Habang walang tigil ito sa pagpo-pose ay napagmasdan niya ang hitsura nito.

His slight tan looked golden in the midday sun. His fine shiny hair, na puwedeng pang-shampoo commercial, ay malinis ang pagkakagupit. A few wisps fell on his forehead. Hindi niya makita ang mga mata nito dahil naka-shades ito, ngunit kita niya ang makakapal na kilay ng lalaki. His brows would playfully raise and wiggle as he kept taking self-portraits.

Oh, God, this man's trouble! naisip niya. Guys who can move their brows like that are the playful type. Pilyo. Na sa kasamaang-palad ay weakness niya.

He was clean-shaven and had a squarish jaw. His nose wasn't that aristocratic. It's straight and just right, perfectly complimented his pillowy, sexy lips which would occasionally curve into a mischievous grin. And that grin, she realized now, looked utterly familiar. *Oh no...!*

Lumapit siya rito at pilit inaabot ang cellphone. Ngunit alertong hinawakan nito ang braso niya. Na nagpatindig sa balahibo niya.

He had a firm yet gentle grip, at sa hindi maipaliwanag na dahilan ay tila kumuryente sa kanya.

“Akin na’ng cellphone ko!” Inalis niya ang kamay nito sa braso niya.

“Wait lang,” he said as he pressed keys on the phone.

“Akin na sabi!” Muli niyang tinangkang kunin iyon. Ngunit iniwas muli ito ng lalaki.

He pressed one more key, then faced her. At bago pa siya nakakilos ay tumaas ang isang kamay nito,

tila gustong mag-landing sa... dibdib niya?

“Ano ba?” Iniiwas niya ang sarili.

“Ilalagay ko lang sa pouch,” wika nito, nakangiti pa rin.

“Ako na ang maglalagay. Akin na,” mahina ngunit mariing sabi niya.

Nagkibit-balikat lamang ang kausap bago iniabot sa kanya ang cellphone. Tahimik na inilagay niya iyon sa pouch.

“Huwag mong ide-delete ang pictures ko, ha,” he said again, this time standing in front of her.

“Aanhin ko ang pictures mo?” asar na tanong ni Cara nang magtaas muli ng tingin dito. Kasabay niyon ay inalis nito ang sunglasses at ginawa iyong headband. He had gorgeous almond-shaped brown eyes. Lalong nagsalubong ang mga kilay niya. *Sinasabi ko na nga ba.*

“Well, para naman may proof ka na nag-enjoy ka dito sa San Diego,” sagot nito.

“You’re saying you’re one reason why I will enjoy my stay here?” taas ang kilay na tugon niya. Hindi pa rin nagbabago ang tono ng kanyang boses, mahinahon ngunit mariin. It’s a tone she had mastered over the

years dealing with different types of people. And the likes of this man in front of her ay isa sa mga tipong basang-basa na niya. *Sige, tingnan ko ang galing mo, malanding lalaki.*

“Yes, Baby.” Kumindat pa ito sa kanya. “Do you wanna know why? Or...” he stepped closer, “how?”

Napaatras si Cara. In a way ay inaasahan na niya ang ganoong boldness. Ngunit di niya maiwasang mailang. “Sorry ka na lang dahil sigurado akong mas mag-e-enjoy ako dito nang mag-isa lang.”

Tumaas ang isang kilay ng binata. “I don’t think so.”

Humalukipkip lamang siya. “I know so... Craig Alejandro.”

Biglang nanlaki ang mga mata nito. “You know me?”

Tumango lamang si Cara. She observed his reaction. He was obviously surprised na alam niya ang pangalan nito.

Craig leveled his face to hers, tila kinikilala siya. “Geez, you’re a model, right?”

Tumaas ang isang kilay niya. *Huh? Model? Ah, even when busted, this guy never seems to falter.*

Nambobola pa rin. Umiling siya. “No, hindi ako model. But I know several of them personally. Models, I mean.”

“Why do you know my name?” curious pa ring tanong ng lalaki.

“I’m a media person. And I know your model exes,” sagot niya, giving him a sly smile.

Tumaas ang isang kilay nito. “Oh, really?”

”Yes,” aniya, sabay tango bago ibinaling ang tingin sa maluwang na entrance ng *Seaside Grill*. Patakbong papalapit na si Didi, may bitbit na dalawang plastic bag.

“Ate, sorry natagalan. Pinili ko pa kasi ito,” wika ng dalagita, sabay taas ng mga supot.

“Okay lang. Tara na. Tig-isa na tayo diyan.” Kinuha niya ang plastic na hawak ng kanang kamay nito.

Kinuha muli ni Didi ang gym bag na nakapatong sa upuan. Noon nito napansin ang lalaki “Uy, Kuya Craig! Ang lakas ng radar mo, ah! Paano mo nalamang may kasama akong maganda?” nakangising tanong nito.

“Nakita ko kayo sa terminal. May mga sinundo

rin ako d'un kanina,” sagot nito bago kinuha sa kausap ang gym bag. “Ako na dito. Sasamahan ko na kayo hanggang makakuha kayo ng tricycle.”

Itinirik ni Cara ang mga mata. “Let’s go, Didi.” Nagpantiuna na siya sa paglakad.

“Wala, Kuya. Panis ka, may boyfriend na yata si Ate. Hindi tumalab ang bangis mo,” kanyaw ni Didi sa binata.

“Walang boyfriend ‘yan. Mataray.” Kunwari ay hininaan pa ni Craig ang sinabi. Pero obvious namang ipinaparinig nito iyon sa dalaga.

Papansin talaga itong isang ito. Ipinagpatuloy lang niya ang paglalakad.

Nang makarating ng terminal ay lumapit siya sa isang tricycle at sinabi sa driver ang kanilang destinasyon.

“Didi, let’s go!” aya niya sa dalagita, naupo na sa loob ng sasakyan.

“Masyado namang obvious na ayaw mo na akong makasama,” nakangising wika ni Craig nang iabot nito sa kanila ng kanyang gym bag.

“Gusto ko lang magpahinga agad. Thank you sa pagbuhat nitong bag,” sagot niya upang tumigil

lang ito. Binalingan niya ang driver. “Alis na tayo, Manong.”

“If that’s the case then I’ll pick you up at seven later? Let’s have dinner,” pahabol na imbita ng binata habang bumubuwelo palabas ng terminal ang tricycle.

Cara simply made a face at him, na ikinatawa ni Didi.

“I’ll see you, Caroline!” he shouted as the tricycle sped off.

2

Craig Alejandro was the famous heartthrob owner of *Caliente*, the metro's most happening party place with branches in *Newport City*, *The Fort* and *Tomas Morato*. He also owned a chain of restaurants that specialized in Spanish and Filipino cuisine na may branches sa major cities ng bansa. He also used to be a sought-after ramp and commercial model who retired from the scene four years ago to focus on his businesses. Ngunit tila ayaw pa ring iwan ng limelight ang lalaki dahil lagi pa rin itong laman ng pahayagan at magazines. Every now and then ay nababalita pa rin ito.

For Craig Alejandro, the heartthrob entrepreneur, was also one notorious heartbreaker. Well, who wouldn't fall for those intense almond eyes and sexy smile? Cara had to give him credit for looking too damn gorgeous most women just find it hard to resist him.

Hindi man ito bahagi ng showbiz at hindi gaanong visible tulad ng mga sikat na artista, daig pa nito ang kung sinumang major celebrity sa dami ng nakakakilala rito, at sa haba ng listahan ng mga na-

involve dito. At hindi basta-basta ang mga babaeng iyon—there were models, actresses, divas, stylists, designers, socialites, entrepreneurs.

Cara knew some of these women. Karamihan ay nakatrabaho at naging kaibigan niya. She never actually heard bad ‘reviews’ about how Craig was as a boyfriend, but this man was one heartless jerk when it comes to relationships.

Wala rin siyang naririnig na anumang negative tungkol sa ugali nito. In fact, most who had an encounter with him would say he was nice. Mabuti rin itong employer. Cara didn’t want to be judgmental, siguro naman ay may kabutihang itinatago ang lalaking iyon. But the fact that Craig belonged to the kind whom she passionately loathes—the quintessential womanizer—was enough to make her blood boil.

Naalala ng dalaga ang approach sa kanya ni Craig kanina lang. Malinaw na natipuhan siya ng binata at balak siyang ihanay sa mga naging babae nito. The shock on his face when she said his name was priceless. Ngunit nakakabilib ang bilis ng pagbawi nito, na tila confident itong kaya nitong burahin whatever impression she had of him.

Talent ba talaga ang pagiging playboy?

“Ate, nandito na tayo.” Naputol ang pag-iisip niya nang kalabitin siya ni Didi. Bumaba sila ng tricycle pagkatapos maiabot sa driver ang bayad. Bitbit ang bag ay tinahak nila ang papataas na footpath leading to the small gate of the resthouse. Isa itong split level Victorian cottage, na may maluwang na porch. Nang makapasok sila ay lalo siyang natuwa sa nakita. The whole place looked cozy and homey.

She immediately fell in love with the room that was given to her. Iyon din daw ang nagsisilbing master's bedroom. Ang mga furniture ay yari sa kahoy at kawayan. Light green and yellow ang mga kurtina at beddings. And the huge window had a nice view of the vast sea from afar, na bahagyang natatabingan ng mga coconut and palm trees.

Pagkatapos siyang matulungang mag-unpack ay nagpaalam si Didi na magluluto pa raw ito ng pananghalian. Sa sandaling mapag-isa siya sa kuwarta ay kaagad niyang kinuha ang cellphone at tinawagan si Yani.

“Hello, Yani! I love your place! Thank you talaga! Sure ka na *pro bono* ang stay ko dito?” bungad niya sa kaibigan na narinig pa niya ang paghihikab sa kabilang linya.

“Gaga, kailangang ibili mo ako ng smoked oysters

at ready-to-fry calamares pagbalik mo. Marami n'un sa *Seaside Grill*," Sagot nito. Addict ito sa seafood.

"Okay, noted! Iyon lang?"

"Yon lang... ano, may kailangan ka pa ba? Gusto mo ng makakasama? Boylet?" Sinundan iyon ni Yani ng tawa.

"Baliw! Wait, guess who's here in the island?"

"Mare, huwag mo muna akong pag-isipin. Kakagising ko pa lang. Sino?" curious na tanong nito.

"Si Craig Alejandro," anunsyo niya.

Natawa ang kausap sa kabilang linya. "Oh, him? He co-owns the resort club there. Nariyan pala. Baka may tinataguan na naman."

"Malamang. At mukhang trip akong pagdiskitahan. Grabe din pala talaga ang bilib niya sa sarili." At ikinuwento niya rito ang naganap kanina lang. Tawa ito nang tawa.

"Try mong pagbigyan. Nagkakasakit yata iyon kapag walang babaeng pinopormahan," suhestyon nito.

"Ano ako, baliw? Magpapakain na lang ako sa pating," hindi makapaniwalang sagot niya.

Nananaginip pa yata ang kaibigan niya at kung ano ang pinagsasabi.

“I am serious, Cara. Alam ko namang hindi mo type si Craig, kaya hindi ka dapat mag-alala, di ba? He can be very persistent, you know. Sakyan mo na lang ang trip niya para hindi ka masyadong ma-stress kung sakali. It could be fun,” wika pa ni Yani.

Napaisip doon si Cara. Tama naman ang sinabi nito. Kaya lang ay naalibadbaran talaga siya kay Craig. Masyado itong malandi!

“Pag-iisipan ko. Kapag hindi ko na kinaya ang kakulitan, baka sakali,” naiiling na sabi na lang niya. Natatawang nagpaalam na ang kaibigan dahil inaantok pa raw ito. Siya man ay pagod na rin dahil sa ilang oras na byahe mula sa Manila. Nagtanggap lang siya ng sapatos at nahiga na sa malambot na kama.

Madilim na nang magising si Cara, at iyon ay dahil sa sunud-sunod na pagkatok na tila nagmumula sa main door. Pupungas-pungas na tinungo niya ang banyo upang maghilamos at magsepilyo. Sinuklay lang niya gamit ng mga daliri ang hanggang balikat na buhok habang patungo sa sala. Nang mabuksan niya ang pinto ay tila gusto niyang mag-amok. Craig

stood there holding a bunch of stargazers, grinning.

“I am not going out with you,” asar na sabi niya rito bago umaktong isasara ang pinto.

Ngunit mabilis nitong naiharang ang sarili at napigilan siya sa gagawin. “Come on, Cara. It will be fun. May bonfire ngayon at launch ng mga bagong additions sa menu namin. We’re having a nice food-testing party.” Iiginalaw-galaw nito ang mga kilay.

Ang sarap ahitin ng pesteng kilay! “May pagkain kami dito sa bahay. Ayokong insultuhin ang magaling naming tagaluto kung iiwan ko lang iyon basta.” At gusto niyang namnamin ang dalawang linggong sa halip na siya, ay may ibang magluluto para sa kanya.

“Nakausap ko na si Manang. Ipinabalot ko sa kanya ang niluto niya at dadalhin natin iyon.”

As if on cue ay lumabas sa kusina ang nanay ni Didi si Manang Rina dala ang isang basket. Nakangiting iniabot nito iyon sa binata. “Huwag kang mag-alala, Caroline. Mabait na bata si Craig. Kapag nagloko iyan ay asahan mong ako ang unang hahabol ng taga diyan.”

Napangiwi ang lalaki sa sinabi ng nakatatandang babae. Pinaglipat-lipat niya ang tingin sa dalawa bago napipilitang kinuha na ang isang pares ng tsinelas

mula sa rack at nagpaalam na rito.

Ngiting-ngiti si Craig nang makita ang tila pagpayag niya.

“This better be good, Alejandro. At puwede, bawas-bawasan mo lang ang kalandian mo dahil nangingilo ako,” nanlalaki ang mga matang wika niya rito bago nagpatiuna na sa paglalakad.

“Kakaliwa tayo ’tapos derecho hanggang makita mo na ‘yung mga bonfire.”

Walang imik na kumaliwa naman si Cara. Kung di lang siya nag-aalalang ma-offend si Manang Rina at isipin nitong masama ang ugali niya ay never siyang sasama kay Craig. Siniguro niyang mabilis siyang naglalakad at hindi ito makakaagapay sa kanya. After all, may kabigatan din ang basket na dala nito at talagang nilakad lang nila ang daan patungo sa resort club mula sa resthouse.

She stopped when she saw the bonfires. Ilang metro lang ay naroon na ang hanay ng mga barbecue grills, low tables atop buri mats na nagkalat sa lugar. Iyon ang pinaka-dining area. Marami-rami na ring taong nagkakasayahan doon. Sa isang banda ay may malawak na space na nagsisilbing dance floor, ang magkakatabing makeshift stage, DJ’s booth at bar.

There were drop lights hanging from trees. Maayos ang lahat pati na ang mga tao roon. She was actually expecting a rowdier setting, but she's glad that this place is kinda cool and relaxed.

“Aayos ba?” nakangiting tanong ni Craig at ito naman ang naunang maglakad sa patungo sa isang mesa. Inalis nito ang nakalagay na ‘reserved’ tag doon at inilapag ang basket. Sinimulan nitong ilabas ang laman niyon.

Walang imik na lumapit si Cara at tinulungan ito. Dama niyang tinitingnan siya nito ngunit hindi siya nagkomento. Naupo siya sa banig at sinimulang alisin ang aluminum foil na nakatakip sa isang lalagyan. Napapikit siya nang maamoy ang mainit-init pang baked oysters. Binuksan niya ang isang lalagyan at nakitang dry adobong pusit naman iyon. Sa isa pang container ay naroon ang shrimp garden salad. Hindi na nakatiis na kinuha niya ang mga plastic na kutsara at tinidor at nagsimula nang kumain.

“Hindi man lang nag-alok,” komento ni Craig. Nag-angat siya ng tingin at nakitang nakangisi ito. Mukhang hindi naman talaga na-offend ang kasama niya. She quietly pushed the containers so he could get some.

“Kain na.” At muli niyang inabala ang sarili sa

pagkain.

“So, what exact sort of media person are you, Caroline?” tanong nito.

“I’m a writer,” matipid niyang sagot. Wala siyang balak magbigay ng konkretong impormasyon dito.

“Newspaper or magazine?”

“Both,” pagsisinungaling niya. Tumusok siya ng isang malaking piraso ng pusit at isinumpal iyon sa bibig.

“Where at?” muling usisa ng lalaki habang ngumunguya ng kung ano.

“Here and there.” Kumuha naman siya ng lettuce at isinawsaw sa nakahiwalay na dressing.

Napakamot ng ulo ang kaharap niya. “Wala naman akong makuhang matinong sagot sa iyo.”

“Nakita mo kasing kumakain ako, tanong ka pa nang tanong.” Dinuro niya ito ng tinidor.

“I am just curious. S’abi mo, kilala mo ang mga ex ko. Who among them?” parang walang narinig na reklamo mula sa kanya na tanong muli ng binata.

Inilapag niya ang mga kubyertos at uminom mula sa water bottle bago nagsalita. “Sari Madrigal,

Chynna De Lara, Bernice Tanjuatco, Shiela Uy, Aira Rojas, and those are just the models. Then Lianne Allejo and Yoko Marquez who are both stylists.... Charmaine Ang, Kirsten Trinidad, Emma Lebrecht...”

“Whoa, you got a cool circle of friends!” hindi makapaniwalang anito.

“I worked with all of them. And also Vicki Yuson...” Mga orgmates niya nong college at regular customers sa kayang café ang nabanggit na mga babae.

“You know Vicki Yuson?” nanlalaki ang mga mata na paniniguro nito.

“We’re classmates during foreign language classes n’ung college.... And there’s also Jayma Gutierrez—”

“Kilala mo rin si Jayma? Jayma-mazing!” Tila manghang-mangha ito sa mga pinagsasabi niya. Hindi niya maiwasang mapangiti sa itinawag nito sa huling pangalang binanggit niya. Iyon talaga ang tawag ng mga taong malalapit sa babae.

“We’re good friends since high school,” sagot niya. Bagaman naiirita ay nae-enjoy naman niya ang reaksiyon nito. Mukhang noon lang nakakilala ang binata ng isang taong malapit sa isang laksang naging ex nito.

“Unbelievable,” nailing pero nangingiting sabi nito. Parang hindi man lang nag-aalala. He even looked quite amazed at what she knew. “They’re all great women. I mean, I was honored I had the chance to know them. Too bad things didn’t quite work out.”

“With all of them?” Napapalatak siya.

“Some things aren’t meant to be, you know.”

“Whatever.” Ikinumpas niya ang kamay at muling itinuon ang atensyon sa pagkain.

“Don’t be so quick to judge, Cara. Kahit tutukan mo ng AK-47 o ibitin nang patiwarik ang lahat ng naging girlfriends ko, walang sinuman sa kanila ang may masasabing masama tungkol sa akin,” pagkuwa’y apela nito.

She just stared at him. “Don’t be too quick to assume either, Craig.”

He shrugged. “Fine. Then why are you acting as if being with me is such a burden? Ni hindi ka man lang ngumingiti.”

“Dahil inistorbo mo ang tulog ko.” At nagtanong pa talaga!

He pursed his lips. “But I told you we’ll have dinner.”

Itinirik niya ang mga mata. “I didn’t say yes.”

“You didn’t say no either.” Ngumiti ito.

“I did!” protesta niya. “I—”

“Hindi, ah. Inirapan mo lang ako at tinalikuran na. No words to either accept or reject my offer.” Mukhang tuwang-tuwa pa ang lalaki sa palitan nila. Nangingislap ang mga mata nito.

Ang sarap batukan! “Ano ba ang kailangan mo sa akin?”

He leaned closer. “I want to get to know you better.”

3

Tinaasan lang ng kilay ni Cara ang kaharap. “I can refuse, right? Iba na lang, Craig, please. I’m here to rest,” mariing pahayag niya.

Hindi ito natinag. “I can help make your rest and vacation here more fun.”

Gusto na niya itong tusukin ng tinidor. “Huwag kang makulit!”

“I like you,” hirit pa ng binata. Pinalamlam pa nito ang mga mata.

“Utang-na-loob, we just met today.”

“I like what I saw and heard so far,” giit pa nito.

“Anak ng...!” Hinampas niya ang mesa. “Istorbo ka nga sa bakasyon ko, eh. Sinabi nang I’m here to rest.”

Ngumiti lang ito. “Hindi naman ako titira sa bahay n’yo. Magpapa-cute lang paminsan-minsan.” At nangalumbaba pa ito.

“Craig, please...” Malapit na siyang maubusan ng pasensya.

“You have two weeks. Won't it be nicer to have company while you're here?”

Napabuntong-hininga siya. “I want to be left alone.”

“I'll give you space,” wika nito, ayaw patalo.

“Naman!” Gusto na niyang sabunutan ang sarili sa asar. “Babalik na nga lang ako ng Manila! Bakit ba kasi hindi ko muna naitanong kay Yani na may katulad mo pala dito sa isla?”

Kumislap ang mga mata nito. “Yani? Satriani Libiran? You know her?”

Pinaikot niya ang mga mata. “Duh. I'm staying at their resthouse.”

“Wow, you know Yani...” parang nangangarap na sabi nito. Mukhang crush pa nito ang nabanggit na babae.

“Don't tell me naging ex mo siya dahil hindi ako maniniwala.” Imposible talaga iyon. Kilala niya ang kaibigan.

Napailing ang binata. “I wish. But she is obviously in love with someone else when I tried my charms on her.”

Binelatan niya ito. “Buti nga sa iyo.”

Nagkunwaring nasaktan ito. “Ang lupit mo naman!”

“Talaga!” taas-noong asik niya. “Kaya tantanan mo na ako at huwag mo nang ipilit pa ang gusto mo.”

“I’ll be gentle, promise.” Nagbalik ang kapilyuhan sa ngiti ni Craig.

Kaunti na lang talaga at magwo-walkout na siya. “Ungas ka! Walang kuwenta ang kinain ko. Pati mga alaga ko sa tiyan, hindi ma-take ang trip mo. Nag-suicide na yatang lahat.”

Natawa ito. “You’re funny. I like that.”

Huminga siya nang malalim. “I’m leaving. May bayad ba itong paggamit natin ng mesa? Magkano?”

“Caroline...” he sighed, seemingly frustrated.

“I am serious, Alejandro.”

“But you won’t get rid of me, anyway.” He held out both hands.

Kumunot ang noo niya. “Nananakot ka ba?”

Umiling ito. “Nah. I’m just asking you to give me a chance.”

Tinitigan ito ng dalaga. “Sira ka pala, eh. Ni hindi mo man lang kinonsiderang makipagkaibigan muna. Ibang level agad ang trip mo.”

He smiled. “Friends?”

Napamura siya. “Shit!” Ilang beses kayang ipinanganak ang isang ito?

“Shh... bad ang magmura. Friends?” Iniabot nito ang isang kamay.

“Fine. Friends!” She quickly shook his hand. Nakasimangot pa rin nang binitiwang niya iyon.

“Smile naman diyan,” nakangising hiling pa nito.

Pinanlakihan lang niya ito ng mata. “Two weeks, Craig Alejandro. Two weeks lang ang life span ng friendship natin.”

“Paano kung ma-in love ka sa akin?” Pinagalawgalaw pa nito ang mga kilay.

Lalo tuloy siyang nainis. Inambaan niya ito ng suntok.

Natatawang itinaas nito ang mga kamay. “S’abi ko nga, two weeks.” Then he gave her a playful smile. “You’re going to have the best two weeks of your life, Caroline.”

Kahit naiinis sa kasama ay na-enjoy naman ni Cara ang paglilibot sa kabuuan ng *San Diego Beach Club*. The place had a lovely landscape at gusto niya ang rustic feel ng mga villas nito. Labing-pito lamang ang mumunting villa na karamihan ay pag-aari ng mga nagtayo mismo ng club at ang iba ay pinaparentahan.

Nang magsawa sa paglalakad ay bumalik sila sa barbecue and food-testing party. Mas malakas na ang tugtog at nakalagay na sa ilang mesa ang mga pagkaing bagong additions sa menu ng restaurant ng club. Nakatayo siya sa ilalim ng isang palm tree at kakatapon lang ng plastic cup ng melon juice nang kalabitin siya ni Craig.

“Let’s dance,” yaya nito, nakalahad ang kamay at ngiting-ngiti sa kanya.

Maglalambitin na lang ako sa puno kaysa ang sumayaw kasama ang ugok na ito! Umiling siya. She liked the song that was playing, though; *Closer* by Ne-Yo.

Ang akala niya ay muli siyang kukulitin ng binata nang hindi man lang ito umalis sa harap niya. Ngunit nagulat siya nang magsimula itong magsayaw.

Exactly like how the dancers did it in the song's music video.

Pinagdikit niya ang mga labi upang hindi mapanganga. Who knew Craig Alejandro, hot bachelor, restaurateur and heartthrob extraordinaire can dance so well? She just stood where she was and watched him.

Tinitingnan niya kung mapapansin nito na parang bale-wala lang sa kanya ang ginagawa nito at pagkatapos ay mahihiya. But he just kept dancing until the song ended. Ang sumunod na kanta ay isang acoustic ballad at dala marahil ng pagkaaliw niya sa pagsasayaw nito ay hindi na namalayan ni Cara nang hawakan siya ni Craig sa magkabilang braso at marahang hinapit dito.

Soon, they were slow-dancing, their bodies almost touching, his hot breath on the side of her face. It actually felt good being held the way he was holding her, like she's very fragile and delicate. Ngunit nang maramdaman niya ang marahang paghagod nito sa likod niya ay bigla siyang tila nagising.

What the hell was she doing slow-dancing with this man?

Marahas siyang bumitaw, nakita niya ang

pagkagulat at pagtataka sa guwapong mukha nito. “I don’t think new friends, especially those who just met, would slow dance with each other,” malamig niyang sabi bago tumalikod at naglakad na pauwi.

Pasado alas seis pa lang ng umaga kinabukasan ay gising na si Cara. Mahimbing ang tulog niya matapos makauwi mula sa party sa *SDBC*. Nang maalala kung nasaan siya noong nagdaang gabi ay kaagad siyang napailing. It was a mistake to actually agree to have Craig Alejandro keep her company for the next two weeks. Wala pa ngang isang araw niya itong nakikilala ay sumasakit na ang ulo niya, two weeks pa kaya?

Kaagad siyang bumangon at nagtungo sa banyo. Matapos maligo ay nagbihis siya ng running shorts at t-shirt, pati ang kanyang pink trainers ay isinuot niya. Dumerecho siya sa kusina upang uminom ng kape. Matapos kumain ng ilang piraso ng cookies na nakita sa isang canister sa kitchen counter ay lumabas na siya, bitbit ang lahat ng susi sa bahay.

Lampas kalahating oras din siyang nag-jogging sa tabing-dagat bago naisipang pumunta sa munting talipapa sa sentro ng beach strip. Bumili siya ng isang kilo ng Indian mango at isang tali ng singkamas.

Nilakad na lang din niya pauwi. Malapit nang mag-alas-diez at gutom na siya kaya naman sa kusina na niya binalak dumaan kung hindi lamang sa nakita niyang nilalang na nakaupo sa front steps ng bahay.

Napapabuntong-hiningang nilampasan niya iyon. The person sitting was none other than Craig, again with a bunch of freshly picked stargazers. Naalala niyang may nadaanan silang hardin na natataniman ng naturang mga bulaklak noong naglibot sila sa *SDBC*. Doon marahil ito namimitas. Naiiling na naglakad siya sa gilid ng bahay patungo sa pinto ng kusina.

“Wala man lang ‘good morning’.”

Hindi niya ito nilingon bagaman alam niyang nakasunod na ang binata sa kanya. “Good morning,” walang ganang bati niya habang itinutulak pabukas ang pinto. Bukas na iyon bago pa man niya nailabas ang susi. Nasa loob na tiyak si Manang Rina dahil nangangamoy ang niluluto nitong sinigang. Sumisinghut-singhot na pumasok siya at naabutan nga sa kusina ang nakatatandang babae na ina-unplug ang rice cooker.

“O, Caroline. Sinigang na bangus at camaron ang niluto ko. Nariyan din iyong pork and chicken adobo na ipinaluto mo. Baka may ibibilin ka? Pupunta kasi

ako ng bayan dahil magbabayad ako sa *Meralco*,” nakangiting sabi sa kanya ni Manang Rina nang mapansin nito ang pagdating niya.

“Thanks, Manang. Hmm... kung may melon, pakibili na din ako. Broccoli at lettuce din po, 'yung iceberg,” sagot niya habang pinaghihiwalay at hinuhugasan ang mga pinamili sa lababo.

“Areglado. O, siya, maiwan ko muna kayo diyan,” anito, sabay tapik sa kanyang braso. Tinanguan nito ang lalaki na noon ay tahimik lang na nakatayo sa tabi ng refrigerator, hawak pa rin ang mga bulaklak. “Mauna na muna ako, Craig.”

Nginitian ito ng binata. “Ingat po kayo, Manang.”

Kumaway si Manang Rina sa kanila bago isinara ang pinto nang makalabas ito.

“I think we're alone now...” kanta ni Craig.

Tinaasan lang niya ito ng kilay bago kinuha ang fruit basket at inilagay roon ang nahugasang mga mangga at singkamas.

Tila bale-wala naman iyon dito na pinalitan siya sa tapat ng lababo at saglit na hinugasan doon ang dalang stargazers.

“May mga wine bottles d'yan sa cabinet sa itaas

niyang sink. Pumili ka na lang at doon mo ilagay ang mga dala mo. Pagkatapos, pakiayos na lang sa mesa sa sala,” anang dalaga rito habang sumasandok ng kanin sa rice cooker.

Nakangiting tumango lang ito at sinunod ang mga sinabi niya. Bago nito dalhin ang mga bulaklak sa sala ay pakengkoy na yumukod muna ito at ‘inialay’ iyon sa kanya.

Tiningnan lang niya ang kaharap habang dala ang isang pinggan ng kanin. “Salamat. I like statrgazers but don’t bring any next time. Makakalbo ang garden n’yo sa kakapitas mo.”

Natawa lang ito sa sinabi niya bago nagtungo sa sala. Kalalapag lang niya ng mga ulam sa mesa nang magbalik ito.

“I just want to apologize for how I behaved last night. Naging makulit at presko ako. Hindi ako dapat nag-impose nang ganoon gayong bago pa lang tayong magkakilala. Pero sana okay pa rin sa iyong makasama ako for the next two weeks,” wika nito, mukha namang sinsero sa paghingi ng paumanhin. Nanatili itong nakatayo sa tabi ng dining table.

“Kumuha ka ng pinggan kung gusto mong kumain. And well, sit down.” Iminuwestra niya ang

upuan sa tapat niya.

Kaagad na nagliwanag ang mga mata ni Craig sa narinig at mabilis na kumuha ng pinggan, baso at kubyertos. Malapad ang ngiting naupo ito.

“Apology accepted. Kahit hindi ko gusto ang hilatsa ng pagmumukha mo, tao ka pa rin namang humaharap kahit papaano so kalimutan mo na ‘yung nangyari and let’s move on.” Mataman niya itong minasdan. Bahagyang nawala ang ngiti sa mga labi ng binata.

“I’m really sorry. I promise hindi na ako magda-’the moves’ sa iyo,” mahinang turan nito. He met her eyes.

Tumango siya. “Good. This is a much needed break, Alejandro.”

“Craig,” pagtatama nito.

“Alejandro,” mariing banggit niya. Kumuha siya ng isang gilit ng bangus at inilagay iyon sa pinggan niya. “Anyway, as I was saying, this is a much needed break at kung maaari ay ayoko sana ng gulo o istorbo.” Bumuntong-hininga siya. “Pero yaman din lang na parang wala kang balak na tantanan ako, makikiusap na lang ako.”

“Sure, go ahead,” nakangiti na muling saad nito.

Pinanlakihan niya ito ng mga mata. “Let me finish, okay? Gusto ko lang sabihin na sana, tuparin mo iyang sinabi mo. The last thing I need right now is any sort of stress or pressure. Huwag mo na sana akong isama sa listahan ng conquests mo. Please, huwag mo nang ipilit kung gusto mong magkasundo tayo. Believe me, alam ko na ang style mo. I have a brother. Hindi siya kasing-garapal mo, but I pretty much knew a lot from him.”

“Ang sakit mo namang magsalita.” Kunwa ay nasaktang sinapo nito ang dibdib.

“Sorry. But if you really want us to be friends, you have to put up with that side of me. Hindi kita didiktahan sa kung paano ang dapat mong gawin, sabihin o maramdaman. Sinasabi ko lang kung ano ang gusto at ayaw ko para malinaw. Para kung sakaling bigla na lang kitang upakan, alam mo na ang dahilan.”

Tumango lang ang kausap na tila naiintindihan naman ang sinabi niya. “Okay, pero hayaan mong bumawi ako sa ginawa ko kagabi. I will be here tonight and I will cook dinner for you.”

Umiling siya. “No need. Nangako ka namang

hindi mo na ulit iyon gagawin so iyon na lang ang panghahawakan ko.”

Mataman siyang tiningnan ng kaharap. “I insist. Sasabihin ko mamaya kay Manang na ako na ang bahala sa dinner, okay? Please, Caroline, just this once.”

Dinner was superb. Ikalawang gabi pa lang ni Cara sa isla, ngunit alam niyang pagkatapos ng dalawang linggo ay tiyak nang nadagdagan ang timbang niya. Craig prepared pasta marinara, baked mussels and fried cream dory fillet in pesto. Kitang-kita naman sa mukha nito ang kasiyahan dahil marami siyang nakain.

“Hindi lang ako maarteng tumatanggi sa grasya. And in fairness, masarap kang magluto. Hindi ako magpapakipot para ipagkait sa iyo ang papuring iyon,” wika niya habang nakatayo sila sa porch at sumisimsim ng green tea.

“Well, it’s just nice hearing you compliment and enjoy my cooking given that you don’t really like me that much,” tugon nito at amused na nakatingin sa kanya.

She just snorted. Mukhang hindi ito nakakaintindi.

“This should be the last, Dude. I need my time and space, okay? Hindi puwedeng basta ka na lang sumusugod dito.”

“Pero nasabi ko naman ito kanina...” protesta nito.

“Nasabi mo nga, pero hindi naman ako nag-yes, di ba? In the same way na hindi ako umoo last night. Let me make this clear, Alejandro, hindi porque tao kitang tinatanggap dito ay basta mo na lang aabusuhin iyon. This is my vacation. I didn't ask you to go barging in here anytime you want. Konting respeto naman sa quality time ko para sa sarili ko, okay?” aniya, sabay turo rito gamit ang teaspoon.

“No more surprises. Ayokong pine-pressure ako na makisakay sa mga trip mo. I appreciate tonight's dinner and last night's party but it should stop. May mga plano din ako at gusto ko sanang bigyan mo naman ako ng oras at panahon para gawin din ang mga iyon,” patuloy niya. She arched a brow at him.

“Man, you're tough,” naiiling na komento nito.

“I just know my rights. And I don't appreciate you violating any of it.” Inilapag niya ang tasa ng tsa sa isang mesita. “Kaya umayos ka. No more surprises from now on, okay? Subukan mong magpasaway and

you're banned here for at least two days.”

He sighed. “Fine. No more surprises.”

Tumango siya. The guy obviously thrived on surprises. Tila ang pagbibigay ng sorpresa ang isa sa gusto nitong ginagawa para sa mga babaeng nagugustuhan nito. “Good. Now please bring these to the sink at inaantok na ako.” Itinuro niya ang teapot at mga tasa. “Huwag mo nang hugasan. Ako na’ng bahala sa mga iyan. Basta pagkagaling mo sa kusina, derecho labas ka na sa back door, okay? Isasara ko na itong pinto.”

Tahimik na tumango at sumunod lang ang binata. Nauna na itong pumasok ng bahay, derecho sa kusina habang siya ay sinisigurong naka-triple lock ang main door.